

Ano ang College Bound Scholarship?

Mga Mag-aaral sa Middle School: Interesado ka ba sa pangangalaga sa kalusugan? Konstruksiyon? Pagdisenyo ng video game? Pagpapatakbo ng negosyo? Anuman ang iyong mga mithiin sa karera, tutulungan ka ng College Bound Scholarship na makapasok at makabayad para sa paaralan na naaangkop para sa iyo! Ang College Bound ay isang maagang pangako ng tulong pinansiyal ng estado sa mga kwalipikadong mag-aaral na magsa-sign up sa middle school at makakatupad sa pangako sa College Bound. Sinasaklaw ng College Bound Scholarship ang karaniwang tuition, mga singilin, at allowance para sa libro sa higit sa 60 kolehiyo, unibersidad, at teknikal na paaralan sa Washington. Papasok ka na ba sa kolehiyo?

Kwalipikado ba ako?

Mag-apply kung ikaw ay nasa ika-7 o ika-8 baitang at natutugunan mo ang isa sa mga sumusunod na kinakailangan:

- ▶ Natutugunan ng iyong pamilya ang mga kinakailangan sa kita sa chart sa ibaba.
- ▶ Nasa foster na pangangalaga ka o isa kang dependent ng estado.
- ▶ Nakatanggap ang iyong pamilya ng mga pangunahing benepisyo sa pagkain o TANF.

Chart ng Kita sa 2020-21

Laki ng Sambahayan	Taunang Kita*	Buwanang Kita	Lingguhang Kita
2	\$31,894	\$2,658	\$614
3	\$40,182	\$3,349	\$773
4	\$48,470	\$4,040	\$933
5	\$56,758	\$4,730	\$1,092
6	\$65,046	\$5,421	\$1,251
Bawat karagdagan g bilang ng sambahayan	\$8,288	\$691	\$160

*Dapat na mas mababa sa o katumbas ng halagang ito ang kita ng sambahayan.

Paano ako mag-apply?

Maaari kang mag-apply online sa collegebound.wa.gov. Magtanong sa tagapayo o counselor ng iyong paaralan; maaaring nagsimula na sila ng aplikasyon para sa iyo sa paaralan.

Ano ang pangako?

Ipinapangako ng mga mag-aaral ng College Bound na:

- ▶ Magtapos mula sa high school o home school sa Estado ng Washington nang may pinagsamang GPA na 2.0 o mas mataas.
- ▶ Mag-apply sa kolehiyo.
- ▶ Isumite ang FAFSA (Free Application for Federal Student Aid o Libreng Aplikasyon para sa Pederal na Tulong sa Mag-aaral) o WASFA (Washington Application for State Financial Aid o Aplikasyon sa Washington para sa Pinansiyal na Tulong ng Estado) nang agaran paglipas ng Oktubre 1 hangga't maaari sa iyong taon bilang senior sa high school.
- ▶ Hindi magkaroon ng hatol ng krimen.

Mayroon bang deadline?

Oo! Dapat kang mag-apply bago lumipas ang Hunyo 30 sa pagtatapos ng taon ng iyong ika-8 baitang. Para sa klase ng 2024, mayroong eksepsiyon sa deadline dahil sa mga pagsasara ng paaralan dulot ng COVID-19. Bisitahin ang collegebound.wa.gov para sa mga detalye.

Paano ko malalaman kung matagumpay akong nag-apply?

Kapag sinimulan na ang aplikasyon sa College Bound, makatanggap ka ng Missing Information Letter (Sulat para sa Kulang na Impormasyon, MIL) na mangangailangan ng pirma ng magulang at mag-aaral. Maaaring kailangan mong markahan kung aling kailangan sa kwalipikasyon ang natutugunan mo. Kapag kumpleto na ang aplikasyon, makakakuha ka ng sertipikasyon ng College Bound sa mail.

Ano ang susunod na mangyayari?

Kapag nakumpleto mo na ang iyong aplikasyon sa College Bound at natanggap mo na ang iyong sertipikasyon, patuloy na ipapaalala sa iyo ng tauhan ng programa ang mahalagang impormasyon at mga update.

Paano ko matatanggap ang scholarship?

- ▶ Tuparin ang mga kinakailangan sa pangako para sa scholarship at tugunan ang mga kinakailangan sa paninirahan sa estado.
- ▶ Magsumite ng FAFSA o WASFA sa iyong taon bilang senior na mag-aaral at kada taon sa kolehiyo para tukuyin ang kwalipikasyon sa kita.
- ▶ Matanggap at pumasok sa isang kwalipikadong kolehiyo.
- ▶ Magkaroon ng mabuting katayuan sa iyong kolehiyo.